

Maaari Kang Makakuha ng Tulong na Pansakuna

Ang FEMA at ang estado, teritoryo o pantribong pamahalaan ay maaaring magkaloob ng direkta at pampinansyal na tulong na pansakuna sa mga U.S. citizen (mamamayan ng Estados Unidos), national na hindi citizen, at mga kuwalipikadong alien.

Maaaring maging kabilang sa tulong na pansakuna ang pera para sa pansamantalang tulong sa upa, mga pagpapaayos sa bahay, pagkawala ng personal na ari-arian at iba pang malulubhang pangangailangan o gastos na nauugnay sa sakuna na hindi saklaw ng insurance o iba pang mga pamamaraan.

Citizen – Isang taong ipinanganak sa isa sa 50 estado, sa District of Columbia, Puerto Rico, U.S. Virgin Islands, o sa Northern Mariana Islands; isang taong ipinanganak sa labas ng Estados Unidos sa hindi bababa sa isang magulang na citizen o naging naturalized citizen.

National na Hindi Citizen – Isang taong ipinanganak sa mga teritoryong pag-aari ng Estados Unidos (iyon ay American Samoa o Swain's Island) sa o pagkatapos ng petsa kung kailan nakuha ng Estados Unidos ang teritoryong ito, o isang taong ang mga magulang ay mga national na hindi U.S. citizen. Ang lahat ng citizen ng Estados Unidos ay mga national ng Estados Unidos, ngunit ang bawat national ng Estados Unidos ay hindi citizen ng Estados Unidos.

Karaniwang kabilang sa kuwalipikadong alien ang:

- Mga indibidwal na Legal na Permanenteng Residente (mga may hawak ng "Green Card")
- Mga asylee, refugee, o alien na kasalukuyang hindi ipinapatupad ang katayuan ng pagkaka-deport
- Mga alien na parolado sa Estados Unidos ng hindi bababa sa isang taon
- Mga alien na ginawaran ng kondisyonal na pagpasok (ayon sa batas ay may bisa bago ang Abril 1, 1980)
- Pumapasok na mula sa Cuba/Haiti
- Ang ilang alien na sumasailalim sa labis na kalupitan o naging biktima ng malubhang uri ng human trafficking, kabilang ang mga taong may "T" o "U" na visa

Kung ang aplikante ay hindi tumutugon sa katayuan ng citizenship (pagkamamamayan) o pang-imigrasyon sa panahon ng aplikasyon, ang sambahayan ay maaari pa ring mag-apply para sa ilang uri ng tulong ng IHP kung:

- Ang iba pang miyembro ng sambahayan, kabilang ang menor na bata, ay tumutugon sa mga pamantayan ng pagiging karapat-dapat sa panahon ng proseso ng pagpaparehistro
- Ang magulang o guardian ng isang menor na batang naninirahan sa parehong sambahayan ay maaaring mag-apply para sa tulong sa ngalan ng menor na batang citizen ng Estados Unidos, national na hindi citizen, o kuwalipikadong alien. Ang menor na bata ay dapat walang pang 18 taong gulang sa unang araw ng panahon ng insidente o araw ng pagdeklara ng sakuna, alinman ang nauna.

